## Ano ang panglokal na disaster prevention training?

Isa itong pagpapraktis ng kung ano ang dapat gawin kung sakaling may lindol o tsunami.





**Ano ang matututunan dito?**

- pagtulong sa sarili
- pagtulong sa kapwa
- mga evacuation center

## Ano ang ibig sabihin ng pagtulong sa sarili?

Alamin ang mga dapat gawin upang maprotektahan ang sariling buhay sa isang sakuna

Halimbawa...

- Pagsiguro sa mga kagamitan sa bahay upang hindi ito tumumba o mahulog.
- Paghahanda ng tubig, pagkain, at ilaw na pang-emergency.



- Pagpapasiya bilang pamilya kung saan dapat pumunta sakaling lumindol.

## Ano ang ibig sabihin ng pagtulong sa kapwa?

Alamin kung paano makakatulong sa kapwa sa panahon ng sakuna

Halimbawa...

- Pagtulong sa mga bata at nakatatanda sa paglikas.
- Pagtulong sa mga nasugatan o nabalian.



- Pagtulong sa pagpapakalat ng tamang impormasyon.




## Ano ang mga evacuation center?

Ito ay mga lugar na maaaring pansamantalang tuluyan ng mga taong napinsala ang bahay dahil sa sakuna.



**Halimbawa...**



paaralan at community center

Maaari ditong

- ○ makatanggap ng ayudang pagkain at tubig
- ○ maipagpatuloy ng mga tao ang kanilang pang araw-araw na pamumuhay



# Makibahagi tayo sa panglokal na disaster prevention training!



- Magpraktis ng paglikas
- Makisama sa komunidad
- Mababawasan ang iyong kaba at ligtas na makakalikas kung sakaling may lindol o tsunami

Makibahagi tayo sa panglokal na disaster prevention training para sa ating kaligtasan.

**Kaya mo ring maging lakas ng pamayanan.**